Stanford MEDICINE

# Mga aksyong puwedeng gawin ng isang pasyente para maprotektahan ang kanyang impormasyong pangkalusugan, *kasama ang* impormasyon tungkol sa kalusugang panreproduksyon niya

Noong Hunyo 2022, ang desisyon ng Korte Suprema ng U.S. na ipawalang-bisa ang Roe v Wade ay humantong sa mga legal na paghihigpit laban sa mga serbisyo para sa kalusugang panreproduksyon sa maraming estado sa buong U.S. Ang Stanford Medicine ay nasa California, kung saan ang mga batas ay pumoprotekta at nagbibigay-daan sa kumprehensibong mga serbisyong panreproduksyon para sa aming mga pasyente.

Saanman nakatira o nagpapagamot ang aming mga pasyente, maaari nilang naising limitahan ang access sa impormasyon tungkol sa kanilang personal na kalusugan. Puwedeng gawin ng mga pasyente ang mga sumusunod na aksyon para protektahan ang privacy ng kanilang impormasyong pangkalusugan, kasama ang impormasyon tungkol sa kalusugang panreproduksyon nila:

1. **Iwasan ang pag-post ng mga tanong sa mga social media application** (Facebook, Instagram, SnapChat, Tiktok, atbp.) tungkol sa pagbubuntis, lumaktaw na period, mga opsyon sa pagbubuntis, pagpapalaglag, o mga provider ng pagpapalaglag.

2. **Mag-delete ng mga period tracking application** sa inyong mga device at i-disable ang period tracking sa mga athletic at health tracking app.

3. **Tiyaking isara ang inyong mga internet browser tab** pagkatapos bumisita sa mga website na maaaring naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo para sa kalusugang panreproduksyon, pagpapalaglag, mga provider ng pagpapalaglag, pag-terminate ng pagbubuntis, atbp. at i-clear ang inyong cookies at web browser history sa lahat ng device – laptop, desktop, mga telepono, at mga tablet pagkatapos ng bawat search.
   - ✓ Gumamit ng browser na may pinakamatitibay na proteksyon para sa privacy, gaya ng Tor, Firefox, Safari, o Brave, sa halip na Chrome o Microsoft Edge.
   - ✓ Para sa mga search, gumamit ng search engine tulad ng DuckDuckGo, Brave Search, o Startpage sa halip na Google o Bing.
   - ✓ Gumamit ng VPN (virtual private network) connection. May mga tagubiling available dito: https://blog.avast.com/using-mobile-vpn-on-iphone-or-android.

4. **I-off ang access sa Location Services para sa lahat ng application sa inyong telepono o tablet.** Mapapaigting nito ang privacy ng inyong mga aktibidad pero maaari nitong malimitahan ang functionality ng application. May higit pang impormasyon tungkol dito at sa pagprotekta ng privacy ng kalusugan sa inyong telepono na available dito: https://www.hhs.gov/hipaa/for-professionals/privacy/guidance/cell-phone-hipaa/index.html.

May mga tanong? Impormasyon ng Pakikipag-ugnayan sa Privacy Office Department: 650-724-2572 o PrivacyOfficer@stanfordhealthcare.org
*Na-update noong Disyembre 12, 2022*

5 **Gumamit ng text messaging service na may end-to-end encryption** at na hindi nagso-store ng kopya ng mga message (hal., Signal).

6 **Tingnan ang mga setting ng inyong patient portal.** Kung gumagamit kayo ng patient portal gaya ng MyHealth o MyChart para makipag-ugnayan sa inyong health care provider, magpaiskedyul ng mga appointment, o tingnan ang inyong mga appointment, mga lab result, mga gamot, o mga note, tingnan ang inyong mga setting para makita kung nagbigay kayo ng proxy access sa isang miyembro ng pamilya o asawa.

- ✓ Kung oo, maaaring gustuhin ninyong i-deactivate ang kanilang proxy access o i-deactivate ang portal account.
- ✓ Maaari din ninyong hilingin sa inyong provider na hindi mag-share ng mga note hinggil sa pangangalaga sa kalusugang panreproduksyon ninyo sa Epic Open Notes.

7 **Mag-opt out sa pakikilahok sa mga Health Information Exchange (HIE) platform.** Maraming health care organization, provider at maging health insurance company ang nakikilahok sa HIE para sa mga layunin ng panggagamot at pagbabayad at sa maraming estado, "nasa" HIE ang mga pasyente at data ng kalusugan nila maliban kung partikular na nag-opt out ang pasyente sa pakikilahok. Ang mga HIE na ito ay nagbibigay sa mga provider ng access sa impormasyong pangkalusugan ng mga pasyente nila na nauugnay sa pangangalagang nakukuha sa buong Estados Unidos. Nagsasagawa ang Stanford Medicine ng pakikipagpalitan ng impormasyon sa ilang partikular na sitwasyon. Para sa impormasyon tungkol sa proseso ng pag-opt out, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Health Information Management Services department sa **650-723-5721**. Para sa Mga Partner ng Stanford Medicine, mangyaring makipag-ugnayan sa **510-731-2676**.

**Mga Resource:**

[Handout ng Health Information Exchange para sa Pasyente]
[Form ng Exemption sa Health Information Exchange para sa Pasyente]
[Form para Hilingin na Kanselahin ang Exemption sa Health Information Exchange para sa Pasyente]

8 **Kung posible, piliing magbayad gamit ang cash para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugang panreproduksyon ninyo.**

- ✓ Kung ginagamit ninyo ang inyong health insurance, ang mga detalye sa claim na ipinapadala sa health plan para sa pagbabayad ay maglalaman ng impormasyon tungkol sa uri ng (mga) serbisyong natatanggap ninyo.
- ✓ Kung ang inyong health insurance ay sa pamamagitan ng isang magulang o asawa, maaari nilang makuha ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong natatanggap ninyo sa pamamagitan ng statement o paliwanag sa mga benepisyo na ipinapadala ng plan sa subscriber.
- ✓ Sa California, puwede kayong mag-opt out sa pagshe-share ng mga sensitibong serbisyo, tulad ng pangangalaga sa kalusugang panreproduksyon, sa pamamagitan ng pagsusumite ng request sa inyong insurance company.

9 **Makipag-ugnayan sa inyong provider para matuto pa tungkol sa kanilang proseso para sa mga paghihigpit.** Ang Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) ay nagbibigay sa mga pasyente ng karapatang humiling ng paghihigpit sa kung paano ginagamit o ibinubunyag ng clinic/provider/hospital ang protektadong impormasyong pangkalusugan ninyo.

Ang mga Health Information Management department ng Stanford Medicine ay mga eksperto rito, para sa higit pang impormasyon:

- ✓ Stanford Health Care: https://stanfordhealthcare.org/for-patients-visitors/medical-records.html.
- ✓ Stanford Medicine Children's Health: https://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/medical-records.

---

**Para sa higit pang impormasyon:**

- Paano Protektahan Ang Inyong Privacy sa Mga App - https://consumer.ftc.gov/articles/how-protect-your-privacy-apps.
- Ang Inyong Mga Karapatan sa Ilalim ng HIPAA - https://www.hhs.gov/hipaa/for-individuals/guidance-materials-for-consumers/index.html.
- Pagsusumite ng mga request sa mga insurer para paghigpitan ang pagshe-share ng impormasyon - https://myhealthmyinfo.org.
- Gabay ng Health & Human Services (HHS) para Protektahan ang Privacy ng Pasyente Pagkatapos ng Desisyon ng Korte Suprema sa Roe - https://www.hhs.gov/about/news/2022/06/29/hhs-issues-guidance-to-protect-patient-privacy-in-wake-of-supreme-court-decision-on-roe.html.

**Para sa digital na kopya ng dokumentong ito, mangyaring i-scan ang QR code na ito:**